LOS ANGELES COUNTY CONSUMER & BUSINESS AFFAIRS

# PROGRAMA SA PAGPAPATUPAD NG PASAHOD



**Los Angeles County Department of Consumer and Business Affairs**
500 W. Temple St, B-96
Los Angeles, CA 90012
Telepono: (800)593-8222
Website: dcba.lacounty.gov

**TAPAT NA GAWA, MAKATARUNGANG BAYAD**

# Los Angeles County Pinakamababang Pasahod: Mga FAQ

***Alamin ang bagong pinakamababang pasahod sa Los Angeles County***

## Ano na ang magiging bagong pinakamababang pasahod sa mga lugar na unincorporated sa Los Angeles County?

Simula Enero 1, 2016, ang pinakambabang pasahod sa Estado ng California ay $10.00 kada oras. Simula Hulyo 1, 2016, ang pinakamababang pasahod sa mga lugar na unincorporated sa Los Angeles County ay dadagdagan ayon sa sumusunod na talaan:

| Para sa Employer na mayroong 26 o Higit pang Empleyado: | |
|---|---|
| **Petsa ng Pagkabisa** | **Pinakamababang Pasahod** |
| Hulyo 1, 2016 | $10.50 |
| Hulyo 1, 2017 | $12.00 |
| Hulyo 1, 2018 | $13.25 |
| Hulyo 1, 2019 | $14.25 |
| Hulyo 1, 2020 | $15.00 |

| Para sa Employer na mayroong 25 o may Kaunting Empleyado: | |
|---|---|
| **Petsa ng Pagkabisa** | **Pinakamababang Pasahod** |
| Hulyo 1, 2017 | $10.50 |
| Hulyo 1, 2018 | $12.00 |
| Hulyo 1, 2019 | $13.25 |
| Hulyo 1, 2020 | $14.25 |
| Hulyo 1, 2021 | $15.00 |

## Ano ang mga lugar na unincorporated sa Los Angeles County?

Ang mga lugar na unincorporated ay hindi pinamamahalaan ng lokal na pamahalaan ng lungsod. Sa mga lungsod na incorporated, maaring itakda ng lokal na pamahalaan ng lungsod ang pinakamababang pasahod.

Sa mga lugar na incorporated, maaring itakda ng Tagapamahala ng Lupon ng County ang pinakamababang pasahod. Bisitahin ang website ng County Registrar Recorder upang malaman kung ikaw ay nagtatrabaho sa lugar na unincorporated:
http://rrcc.lacounty.gov/OnlineDistrictmapApp/Default.cfm.

## Ang lahat ba ng lungsod sa County ay nagtaas ng kanilang pinakamababang pasahod?

Hindi. Mayroong 88 na lungsod na incorporated sa County ng Los Angeles. Iniisip ng maraming lungsod na tataasan nila ang kanilang pinakamababang pasahod, at ginawa na ito ng ilan, kabilang ang Lungsod ng Los Angeles.

## Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng pinakamababang pasahod ng County ng Los Angeles at pinakamababang pasahod ng Lungsod ng Los Angeles?

Sila ay magkahiwalay na batas, ngunit ang mga dagdag sa pinakamababang pasahod sa mga lugar na unincorporated ng L.A. County at sa incorporated na Lungsod ng Los Angeles ay tumatalima sa parehong talaan at singil ng pagbayad, o mga singil bawat oras.

## Sino ang tinuturing na empleyado sa ilalim ng bagong Ordinansa sa Pinakamababang Pasahod ng Los Angeles County?

Kung ikaw ay nagtatrabaho ng kahit dalawang oras kada linggo sa mga lugar na unincorporated ng County, ikaw ay may karapatan sa pinakamababang pasahod ng County para sa bawat oras na nagtrabaho sa mga lugar na unincorporated. Ito ay para sa full-time at part-time na manggagawa, kahit sa mga hindi nakatira sa unincorporated L.A. County.

## Nababatay ba ang pinakamababang pasahod sa kung saan ako nagtatrabaho o kung saan ang headquarters ng employer?

Ang pinakamababang pasahod ay batay sa kung saan ginawa ang trabaho, hindi kung saan ang employer ay headquartered.


Ang mga empleyado na nagtatrabaho sa isang lungsod na incorporated ay sakop ng pinakamababang pasahod ng lungsod na iyon. Kung ang lungsod na iyon ay walang pinakamababang pasahod, ang pinakamababang pasahod ng estado ng California ang nalalapat. Simula Enero 1, 2016, ang pinakamababang pasahod ng Estado ay $10.00 kada oras.

## Ang part-time na empleyado at empleyadong nasa probation ba ay may karapatan sa bagong pinakamababang pasahod?

Oo. Lahat ng empleyado, kabilang ang ang mga empleyadong part-time, ang mga nasa probation at ang mga sinasanay, na nagtatrabaho ng kahit dalawang oras kada linggo sa mga lugar na unincorporated ng County ng Los Angeles ay may karapatan sa bagong pinakamababang pasahod.

## Maaari bang ibilang ang mga tip o Tip patungo sa pinakamababang pasahod?

Hindi.



## Tawagan Kami

500 W. Temple St.
Room B-96
Los Angeles, CA 90012
(800)593-8222

## Pumunta sa aming Website

Para sa mga tip at piling nilalaman pumunta sa aming website:

**dcba.lacounty.gov**

## Sundan Kami

@LACountyDCBA
@LACoConsumidor
@LACoSmallBiz

LACountyDCBA

### Ipatutupad ba ang bagong pinakamababang pasahod sa lahat ng maypagawa sa mga lugar na unincorporated ng Los Angeles County?

Oo, nang may ilang pagbubukod (exceptions). Ang mga employer na pampubliko ay hindi sakop ng batas, at sinumang empleyado o employer na hindi sakop ng pinakamababang pasahod ng Estado ay hindi rin saklaw ng pinakamababang pasahod ng County. Ngunit, ang mga employer na hindi pangkalakal ay kailangang sumunod sa ordinansa.

### Bilang isang employer, kailangan ko bang magbigay ng abiso sa aking mga empleyado?

Oo, inaatasan ka ng batas ng estado na magbigay abiso sa mga empleyado bago ang kanilang unang araw ng trabaho na nagpapahiwatig ng kanilang pay rate (singil bawat oras), oras at paraan ng pagbayad; at panahon ng pagbayad (halimbawa, lingguhan, minsan sa dalawang linggo).

Kinakailangan rin magbigay abiso ng employer sa empleyado kapag may pagbabago sa negosyo (address, pagmamay-ari, o pangalan) at/o kanilang pay rate sa loob ng pitong araw mula noong ginawa ang pagbabago.

### Maaari bang humiling ng pinansiyal na remedyo ang empleyado para sa kanilang kapinsalaan kapag hindi sila binayaran ng tamang pinakamababang pasahod?

Oo. Ang mga empleyado ay maaaring may karapatan sa pinansiyal na remedyo para sa kapinsalaan at sahod na hindi nila nakuha kung hindi sila binayaran ng tamang pasahod.

### Sino ang maaring tawagan kung ako ay may katanungan tungkol sa pinakamababang pasahod ng County?

Ang mga empleyado at mga employer na may katanungan ay maaring tumawag sa Department of Consumer and Business Affairs sa teleponong (800) 593-8222 o magsumite ng tanong sa aming website sa dcba.lacounty.gov.

*Ang dokumentong ito ay isang pangkalahatang buod ng Ordinansa ng Pinakamababang Pasahod ng Los Angeles County at hindi dapat gamitin bilang legal na payo.*